HEKASI 4

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# MGA BATAS SA PAGPAPAUNLAD NG ATING KULTURA

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

## GRADE IV

# MGA BATAS SA PAGPAPAUNLAD NG ATING KULTURA



## ALAMIN MO

Maraming bagay ang bumubuo ng kultura ng bansa. Sa natatanging kulturang ito nakikilala ang isang bansa. Dahil dito mithiin ng bawat isa na mapahalagahan mapanatili at mapaunlad ito. Bilang mag-aaral, ano kaya ang magagawa mo upang makatulong sa pagpapaunlad nito? May ginagawa kaya ang pamahalaan upang makamit ang mithiing ito?

Sa modyul na ito, malalaman mo na may mga batas at programa ang pamahalaan sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng ating sariling kultura. Anu-ano kaya ang mga ito?



## PAG-ARALAN MO

Basahin mo ang sumusunod na talaan:

Mga Batas:

1. **Artikulo XIV, Seksyon 14 – 18 ng Konstitusyon ng 1987** – pangunahing batas na kumikilala sa kahalagahan ng pangangalaga at pagpapaunlad ng Kulturang Pilipino.

Isinasaad dito ang mga sumusunod:

**Seksyon 14 –** Dapat itaguyod ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kapaligirang malaya, artistiko at intelektual na pagpapahayag.



**Seksyon 15 -** Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod at ipalaganap ng Estado ang pamamaraang historikal at kultural at ang mga likha at mga kayamanang artistiko ng bansa.

**Seksyon 16 -** Ang lahat ng kayamanang artistiko at historiko ng bansa at bumubuo sa kayamanang kultural nito ay dapat pangalagaan ng Estado na maaaring magreregula sa disposisyon nito.

**Seksyon 17 -** Dapat kilalanin, igalang at pangalagaan ng Estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa pagpapanatili at pagpapayaman ng kanilang mga kultura, ang tradisyon at mga institusyon. Dapat isaalang-alang ang mga karapatang ito sa pagbabalangkas ng mga pambansang plano at mga patakaran.

**Seksyon 18 -** (1) Dapat seguruhin ng Estado ang pantay na pagtatamo ng mga pagkakataong kultural sa pamamagitan ng sistemang pang-edukasyon, mga kultural na “entity” na publiko o pribado, ang mga iskolarship, mga kaloob at iba pang mga insentibo at mga pampamayanang sentrong kultural at iba pang-madla.

(2) Dapat pasiglahin at tangkilikin ng Estado ang mga pananaliksik at mga pag-aaral tungkol sa mga sining at kultura.

2. **Batas Republika Blg. 4846 o ang Batas sa Pangangalaga at Pagpapanatili ng mga Ari-ariang Pangkultura** – ipinagbabawal ng batas na ito ang paghahanap at paghuhukay sa mga makasaysayang pook upang makatuklas ng mga bagay na pangkultura. Nangangailangan ng pahintulot ng kaukulang ahensya ng pamahalaan at kailangang may mamamahalang eksperto sakalit gawin ito.

3. **Batas Republika Blg. 284 -** itinatakda ang Pambansang Museo bilang taguan ng mga bagay at ari-ariang pangkultura.

4. **Atas ng Pangulo Blg. 260 at 375 –** kumikilala sa ilang makasaysayang pook at gusali bilang pambansang dambana at bantayog.



Itinakda ng mga batas na dapat pangalagaan at ituring na banal ang mga pook tulad ng mga sumusunod:

1) Simbahang Katoliko sa Paoay at Bacarra sa Ilocos Norte
2) Simbahan ng San Agustin at Fort Santiago sa Intramuros, Maynila
3) Mabini Shrine sa Nagtahan, Maynila
4) Fort Pilar sa Zamboanga
5) Rizal Shrine sa Lungsod ng Dapitan, Zamboanga del Norte
6) Aguinaldo Shrine sa Kawit, Cavite
7) Kiosko ng Krus ni Magellan sa Cebu


Tiyak na mapaparusahan ang sinumang mahuling nagsusulat o naninira ng mga bagay rito.

**Mga Programa**

1. Isinasagawang pagbabago sa sistema ng edukasyon – pagtuturo sa mga paaralan ng wastong pagpapahalaga sa ating pamanang kultura, kaugalian at tradisyon. Binibigyan din ng diin ang paggalang sa watawat at nililinang ang damdaming makabayan o Filipinismo. Bahagi rin ng kurikulum ng elementarya at sekundarya paglinang sa mga katutubong musika, sayaw, sining at agham.

2. Pagpapasigla at pagpapalawak ng mga ahensyang pangkultura sa bansa. Ang mga ito ang mangangasiwa sa mga gawaing pangkultura.

   Pinangungunahan ito ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas o Cultural Center of the Philippines.



Itinatag ito upang lalong pasiglahin ang mga gawaing sining at pangkultura. Sa CCP Complex sa Roxas Boulevard, Maynila matatagpuan ang gusali nito. Ito ay nagsisilbing lugar ng mga pangkulturang pagtatanghal tulad ng dula, sayaw at konsiyerto. Pirmihang nagtatanghal dito ang Philharmonic Orchestra, Philippine Madrigal Singers, Philippine Dance Company, Philippine Ballet Theater, Ramon Obusan Folkloric Group at Tanghalang Pilipino.

Ito rin ay nagsisilbi ring sentro ng pag-aaral sa pamamagitan ng National Arts Center sa Makiling, Laguna bukod sa pagiging tanghalan. Dito sinasanay ang mga batang may natatanging kakayahan sa iba't-ibang larangan ng sining tulad ng musika, sayaw, drama at pagpipinta. Bukod pa ito sa pormal na pag-aaral sa mataas na paaralan.

Ang pamahalaan ay may apat (4) na ahensya na nangangasiwa sa pangangalap o pagtitipon at pag-iingat ng mga bagay na may kaugnayan sa kultura. Ang mga ito ay ang:

1) Pambansang Aklatan
2) National Historical Institute
3) Linangan ng mga Wika sa Pilipinas
4) Pambansang Museo

Ang Presidential Commission on Culture and Arts ay nilikha ng pamahalaan sa Utos ng Panguluhan Blg. 118 noong Enero, 1997. Nagsisilbi itong tagapag-ugnay ng mga gawain ng iba't ibang pangkat pangkultura at pansining.

Ang National Commission for Culture and the arts ay nilikha sa bias ng Batas Republika Blg. 7356 noong ika-3 ng Abril, 1992. Ito ang inatasang mangasiwa sa mga gawain at tungkulin ng iba't ibang uri ng mga ahensyang pang-kultura.

Ang apat na pangkat ng mga proyekto at gawain ng NCCA ay:

1) Pagtatanghal Kultural
2) Pagsasaliksik, dokumentasyon at paglalathala
3) Pag-aalaga at pagbabalik ng sa dating Kalagayan ng Kultura
4) Mga gantimpala at pagkilala

Mula noong 1992, maraming proyekto ang inilunsad ng NCCA na pinakinabangan ng maraming tagapagtaguyod ng kultura. Karamihan sa kanila ay mga artista, manunulat, pintor, mananaliksik at cultural administrator.

Marami ka na ngayong kaalaman tungkol sa mga batas at programa ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng kultura.

Gawin mo ang sumusunod na bahagi ng modyul na ito.

## PAGSANAYAN MO

A. Basahin ang bawat pangungusap. Isulat ang T kung tama ang sinasabi ng pangungusap. Isulat ang M kung mali. Isulat din ang salitang nagpamali. Gawin ito sa iyong sagutang kuwaderno.

1. Ang mga pag-aaral at pananaliksik tungkol sa sining at kultura ay binibigyan ng suporta ng pamahalaan.
2. Itinakda ng Batas Republika 248 na ang Pambansang Museo ang taguan ng mga bagay at ari-ariang pang-kultura.
3. Maaaring maghukay at manguha ng mga artifact sa mga makasaysayang pook ang kahit sinong Pilipino.
4. Mabisang instrumento ang mga paaralan upang mapangalagaan at mapaunlad ang ating kultura.
5. Ang Sentrong Pangkultura ng Pilipinas ay itinatag upang pasiglahin sa mga gawaing sining at pangkultura.
6. Makikita sa museo ang mga buhay na bagay.
7. Nilikha ng Batas Republika Blg. 7356 ang National Historical Institute.
8. Ang Batas Republika Blg. 4846 ay kilala bilang Batas sa Pangangalaga at Pagpapanatili ng mga Ari-ariang Pangkultura.
9. Isinasaad sa Konstitusyon ng 1987. Artikulo XIV ang mga probisyon tungkol sa agrikultura.
10. Bukod sa pagiging tanghalan, ang CCP ay nagsisilbi ring sentro ng pag-aaral.

B. Isulat ang sumusunod:

1) tatlong (3) batas ng pamahalaan na may kaugnayan sa kultura

2) dalawang (2) programa ng pamahalaan para sa pagpapaunlad ng kultura

## TANDAAN MO

Mahalag ang pagkakaroon ng batas at programa para sa pagpapanatili, pagtataguyod at pagpapaunlad ng kulturang Pilipino.

## ISAPUSO MO

Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat mo sa iyong kuwaderno ang sagot sa mga tanong.

1. Ang inyong klase ay nagbabalak magkaroon ng lakbay-aral sa mga lugar na may kaugnayan sa sining at kultura. Pinagagawa kayo ng listahan ng tatlong lugar na nais ninyong puntahan. Anu-anong lugar ang ililista mo? Bakit?

2. Hilig mo ang pagsayaw. Sa inyong klase sa Edukasyong Pampalakas ang inyong pangkat ay pinag-aaral ng isang katutubong sayaw. Anong sayaw ang pag-aaralan ninyo?

3. Dumalaw kayong magkakaibigan sa Pambansang Museo. Magaganda at mamahalin ang mga bagay na nakatanghal. Kumuha ng isang bagay ang isang batang naroroon kasabay ninyo. Ano ang iyong gagawin?

4. Binigyan ka ng iyong Ate ng libreng tiket sa isang pagtatanghal ng sining at kultura sa CCP. Ano ang gagawin mo?

5. Magkakaroon ng palatuntunan sa inyong paaralan tungkol sa kasaysayan ng unang Pilipino. Napili kayong magkakaibigan na magtanghal ng isang bilang. Ano ang inyong itatanghal?

Handa ka na siguro sa susunod na bahagi ng modyul. Magpatuloy ka.



## GAWIN MO

A. Suriin ang sariling kakayahan. Alin sa mga sumusunod ang kaya mong gawin?

1. pag-awit
2. pagtula
3. pagsayaw
4. pag-arte
5. pagtugtog ng instrumentong pang-musika
6. pagguhit
7. pagpipinta
8. paglikha ng kahit na anong bagay
9. pagsulat ng tula
10. pagkatha ng awit

B. Magsanay tungkol sa napiling kakayahan upang maihanda ang sarili sa isang pagtatanghal o pakitang-kilos ng piniling kakayahan.

* Ipakita ito nang buong husay upang mabigyang-halaga ng iyong guro at mga kaklase.

Alamin kung gaano ang iyong natutuhan sa modyul na ito. Gawin pa ang susunod na bahagi nito.



## PAGTATAYA

A. Itambal ang mga batas sa Hanay B sa mga probisyong isinasaad sa Hanay A

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Nagpapahayag ng mga probisyon tungkol sa sining at kultura ng bansa. | a. Batas 4846 |
| 2. Nagbabawal sa paghahanap at at paghuhukay sa mga makasaysayang pook. | b. Artikulo XIV, Seksyon 14-18 ng Konstitusyon ng 1987 |
| 3. Nagtatakda na ang Pambansang Museo ang taguan ng mga bagay at ari-ariang pangkultura | c. Atas ng Pangulo Blg. 375 at 260 |
| 4. Kinikilala ang ilang makasaysayang pook at gusali bilang pambansang dambana at bantayog | d. Utos ng Panguluhan Blg. 118 |
| 5. Nilikha ang Presidential Commission on Culture and Arts | e. Batas Republika Blg. 284 |

B. Tapusin ang bawat pangungusap**.**

1. Pinangangalagaan ng pamahalaan ang Kulturang Pilipino sa pamamagitan ng _______________.
2. Iba't-ibang ahensya ang nangangalaga sa ating kultura sa pamamagitan ng _______________.
3. Isa sa mga ahensyang ito ay ang _______________.
4. Nilikha ng pamahalaan ang Presidential Commission on Culture and Arts upang ________________.
5. Kailangan ang mga batas upang ________________.



6. Ilan sa mga ito ay _______________.

7. Pinauunlad ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas ang _____________.


8. Ang pamahalaan ang nangunguna sa ________________.

9. Karaniwang ginaganap sa CCP ang mga pangkulturang pagtatanghal tulad ng ___________________.

10. Isinasaad ng Batas Blg. 4846 ang tungkol sa ________________.

KARAGDAGANG GAWAIN

May patunay ba sa sariling pamayanan na ipinatutupad ng pamahalaan ang mga batas sa pangangalaga ng kulturang Pilipino. Iulat sa klase.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.